PAKSA: SINO SI HESUS?

## ARALIN #1: SI HESUS NA MANLILIKHA

**SAULUHING TALATA:** Awit 19:1 “Ang kalangitan ay nagpaphayag ng kaluwalhatian ng Diyos.”

**PAG-AARALANG TALATA:** Genesis 1:1-28

**PAMBUKAS NA PANALANGIN:**

**LAYUNIN:** Upang ipaunawa sa mga bata na si Hesus ay makapangyarihan at totoong Diyos. Makikita ito sa kanyang mga nilikha.

**PAGHAHANDA SA ARALIN:**

Dahil ito ang unang pagkakataong makita niyo ang mga bata, maglaan ng oras upang sila’y unyong makilala. Bigyan sila ng ID o name tag. Pagkatapos ng lesson, kunin uli ang name tag upang magamit pa sa mga susunod na araw.

GAWIN NG GURO: Gupitin ang larawan ng paglikha, idikit ito sa matigas na papel o karton at muling gupitin.  Lagyan ng tape ang likod at maghanda rin ng manila paper.

**PANIMULA:** Ipakita sa nga bata ang paligid. Ano ang mga bagay na napapansin nila? (Maaring simulant ditto ang kwento)

**ARALIN SA BIBLIA:**

*Genesis 1:1-28*

Papikitin ang mga bata. Itanong kung ano ang kanilang nakikita? Maari na nilang buksan ang kanilang mga mata.

Noon, ganito ang daigdig. Madilim,walang korte, porma o hitsura at walang kagandahan. Hanggang likhain ng Diyos ang lahat ng mga bagay. (Gamitin ang mga ginupit na larawan at isa-isang idikit ito habang sinasabi ang nagaganap sa kwento.) NOTE: Kapag sa paglikha na ng tao, ipaliwanag na hindi si Malakas at Maganda ang unang tao at hindi rin sila galling sa kawayan tulad ng natutunan nila sa paaralan.

Tanungin ang mga bata pagkatapos ng kwento. Gamitin muli ang mga idinidikit na larawan.

**SAULUHING TALATA:** Awit 19:1 “Ang kalangitan ay nagpaphayag ng kaluwalhatian ng Diyos.”

**IBA PANG GAWAIN:** Kung meron pang oras, maaring maglaro ang mga bata. Mag-isip ng laro na naaayon sa saralin nagyon.

**PAGTATAPOS NA DALANGIN:**

PAKSA: SINO SI HESUS?

## ARALIN #2: SI HESUS NA ANAK NG DIYOS

**SAULUHING TALATA:** Mateo 17:5 “Ito ang pinakamamahal kong Anak, Siya ang inyong pakinggan”

**PAG-AARALANG TALATA:** Mateo 17:1-9

**PAMBUKAS NA PANALANGIN:**

**LAYUNIN:** Upang ipaunawa sa mga bata na si Hesus ay anak ng Diyos na nasa Biblia ang katunayan.

**PAGHAHANDA SA ARALIN:**

Ipamahagi muli ang mga name tag. Sa inyong class record, markahan ang mga bata na bumalik.

Maaring ipaulit ang nakaraang kwento. (Maaring maglaan ng munting bagay ang guro bilang premyo sa mga nakasagot na bata.)

**PANIMULA:** Magtanong sa mga bata, halimbawa: Sino sa inyo ang anak ng guro,doctor, etc. Bawat isa sa atin ay may mga magulang na nag-aalaga at nagmamahal. Mapalad tayo kung ang ating mga magulang ay pareho pang buhay. Mahirap kapag nawala ang isa sa kanila. Hindi niyo baa lam na ipinagmamalaki tayo ng ating mga magulang? Kaya bilang anak dapat natin silang mahalin at igalang.

**ARALIN SA BIBLIA:**

*Mateo 17:1-9*

Sino ang nakakakilala kay Hesus? SI Hesus man ay may magulang din noong dumating Siya dito sa lupa bilang tao. Pumili Siya ng maari Niyang gawing magulang. Hindi Niya pinili ang mga hari o mayayaman, pinili Niya ang isang simpleng pamilya. Sina Jose na karpintero at si Maria na tumutulong lamang kay Jose sa paghahanap buhay. Ngunit si Hesus ay hindi ordinaryong tao. Hindi Siya tagarito sa lupa. Siya ay nakatira sa langit at sa panahong ito, Siya ay nandoon. Sa katunayan nakikita Niya tayo at Siya’y natutuwa na pinag-uusapan natin Siya ngayon.

Nasa Biblia ang katunayan na si Hesus ay Anak ng Diyos. (Ihanda ang larawan, maaring palakihin upang makita ng mga bata. Gupitin at idikit sa matigas na papel o karton at muling gupitin. Ihanda ag pagdidikitan.)

Maari nang simulan ang kwento. (Magtanong pagkatapos, maaaring gamitin muli ang mga larawan.)

**SAULUHING TALATA:** Mateo 17:5 “Ito ang pinakamamahal kong Anak, Siya ang inyong pakinggan”

**IBA PANG GAWAIN:** Maaaring turuan ang mga bata ng awiting ayon sa kwentong pinag-araalan.

**PAGTATAPOS NA DALANGIN**

PAKSA: SINO SI HESUS?

## ARALIN #3: SI HESUS AY MANGGAGAMOT

**SAULUHING TALATA**: Exodo 15:26 “Ako ang PANGINOON na nagpapagaling sa iyo”

**PAG-AARALANG TALATA:** Lucas 18:35-43

**PAMBUKAS NA PANALANGIN:**

**LAYUNIN:** Upang ipaunawa sa mga bata na si Hesus ay hindi ordinaryong tao na kaya Niya gawin ang mga imposibleng bagay na makikita lamang sa isang Diyos.

**PAGHAHANDA SA ARALIN:**

Muling gawin ang mga ginagawa noong mga nakalipas na araw.

**PANIMULA:**

(Maghanda ang mga guro ng stethoscope, maaring totoo o laruan. Maaring dagdagan ito ng lan pang gamit para sa first aid). Tanungin ang mga bata kung sino na ang nagkasakit o nadala sa ospital. Hindi ba mahirap ang nararamdaman ng may sakit? Hindi ka makakain ng mabuti, hindi ka makapaglaro,etc. (Maaaring maglaro ng ilang sandal. Huwag masyadong matagal upang hindi maubos ang oras.) Kumuha ng bata na nagaganap na may sakit o doctor. Alalayan ng guro upang hind imaging magulo.

Tulad ng sinabi kanina, mahirap ang taong may sakit lalo na kung madadala sa ospital. Malaking pera ang kailangan. Madaling lunasan kapag ang sakit ay hindi pa malala katulad ng lagnat. Ngunit kapag ang sakit ay may malaking epekto sa katawan, tulad ng pagkawala ng paa, ito’y mahirap na sitwasyon. Hindi lamang may mga mga bagay na hindi magagawa kundi lolokohin ka pa ng iba.

Nguni tang kwento ngayon ay mas higit pang mahirap sa nawalan ng paa dahil siya ay isang bulag.

**ARALIN SA BIBLIA:**

*Lucas 18:35-43*
Bahagyang ikwento ang nasa talata. Ipaliwanag sa mga bata na si Hesus ditto ay ipinapakitang dakilang manggagamot at ito’y pagpapatunay na Siya’y tunay na Diyos. Tanungin muli ang mga bata ayon sa kwento.
Maaaring manawagan kung sino sa mga bata ang may sakit, ipanalangin sila at ipaliwanag na si Hesus ay nagpapagaling pa rin hanggang ngayon.

**SAULUHING TALATA:** Exodo 15:26 “Ako ang PANGINOON na nagpapagaling sa iyo”

**IBA PANG GAWAIN:** Kung meron pang oras, (maaaring) muli silang paglaruin ng doctor-doktoran. Maaari ring magkwento pa ng mga kwento tungkol sa pagpapagaling ni Hesus, maaaring ito’y sariling karanasan.

**PAGTATAPOS NA DALANGIN**

PAKSA: SINO SI HESUS?

## ARALIN #5: SI HESUS NA MAKAPANGYARIHAN

**SAULUHING TALATA:** Deuteronomio 10:17 " Siya (Hesus) ay Diyos na makapangyarihan"

**PAG-AARALANG TALATA:** Mark 4:35-41

**PAMBUKAS NA PANALANGIN:**

**LAYUNIN:** Upang maipaunawa sa mga bata na si Hesus ay makapangyarihan sa lahat. Ito'y pinatunayan ng Kanyang mga gawa.

**PANIMULA:**

Sino dito ang nakadarama ng takot? Maaaring tanungin nag mga bata kung saan sila natatakot at bakit. Ipaliwanang sa mga bata na ang pagkatakot ay normal sa tao. Ngunit sa bawat pagkatakot natin, naroroon ang Diyos upang ipaunawa na alisin natin ang takot sapagkat Siya ay makapangyarihan at kaya Niyang kontrolin ang lahat ng bagay.

**ARALIN SA BIBLIA:**

*Mark 4:35-41*

Ihanda ang gagamiting larawan. Maaring palakihin ito. Gupitin at idikit sa karton na korteng Bangka. Habang nagkukwento, igalaw ang larawan ayon sa sitwasyong nagaganap sa kwento.

Tanungin muli ang mga bata bago simulant ang kwento. Sino ang nakasakay na sa Bangka o barko? 'Di ba masarap sumakay ditto, lalo na kung makikita moa ng mga magagandang nilikha ng Diyos. Ngunit hindi maganda sumakay ditto kapag malakas ang alon, lalo na kung may bagyo dahil ito ay delikado at maaaring magdulot ng pagkamatay o pagkapahamak ng mga nakasakay sa Bangka o barko.

Bahagya pang palawakin ang kwento sa pagtutok sa katangian ng Diyos (Hesus) bilang makapangyarihan dahil walang ibang makapipigil sa bagyo kundi ang Diyos na makapangyarihan lamang, si Hesus.

**SAULUHING TALATA:** Deuteronomio 10:17 " Siya (Hesus) ay Diyos na makapangyarihan"

**IBA PANG GAWAIN:** Maaaring ulitin ang palaro kung meron pang oras.

**PAGTATAPOS NA DALANGIN**

PAKSA: SINO SI HESUS?

## ARALIN #6: SI HESUS NA TAGAPAGLITAS

**SAULUHING TALATA:** Juan 3:16

**PAG-AARALANG TALATA:** Mateo 26:39& 57; Mateo 27:27-37

**PAMBUKAS NA PANALANGIN:**

**LAYUNIN:** Upang maipaunawa sa mga bata na si Hesus ay namatay para sa ating mga kasalanan upang tayo'y maligtas.

**PAGHAHANDA SA ARALIN:**

Ipakita ang mga larawan ng mga batang nangangailangan ng tulong ng ibang tao. Hayaang sumagot ang tinawag na bata. Ipaliwanag pa ng maayos ang kanilang mga sagot. Maaari pang dagdagan ang mga larawan.

**PANIMULA:**

Katulad ng mga larawang nakita, bilang tao, kinakailangan natin ang tulong ng ibang tao. Lalo na kung ito ay tungkol sa kaligtasan. Totoo, pwede tayong tulungan ng sinumang tao sa ilang paraan ngunit may isang bagay na ang Diyos lamang ang maaaring magligtas sa atin. (Balikan ang Aralin 1 kung paano ibinigay ng Diyos ang daigdig sa atin at kung paano nakapasok ang kasalanan.

**ARALIN SA BIBLIA:**

*Mateo 26:39&57; Mateo 27:27-37*

Palakihin ang larawan, kulayan, gupitin at idikit sa karton at muling gupitin. Ipakita ang larawan habang nagkukwento.

Tanungin ang mga bata pagkatapos. Importanteng maunawaan nila ang tungkol sa kaligtasan.

**SAULUHING TALATA:** Juan 3:16 " Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa iyo at sa akin na ibinigay Niya ang Kanyang Anak…" (sa susunod ang kasunod/karugtong)

**IBA PANG GAWAIN:** Muling ipakita sa mga bata ang larawan ng kwento. Guluhin ang ayos nito. Pumili ng apat na bata. Bigyan sila ng mga numero. Hayaang ilagay ng bata sa tapat ng larawan ang tamang pagkakasunod-sunod ng kwento. Tanungin ang mga bata kung ano ang ibig sabihin ng mga larawan.

**PAGTATAPOS NA DALANGIN:** Patanggapin muna ang mga batang may sapat na gulang upang maunawaan ang kaligtasan bago tuluyang magtapos.

PAKSA: SINO SI HESUS?

## ARALIN #7: SI HESUS NA TAGAPAMAGITAN

**SAULUHING TALATA:** 1 Timoteo 2:5

**PAG-AARALANG TALATA:** Roma 3:10-12,23; Roma 6:23

**PAMBUKAS NA PANALANGIN:**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga bata na ang kasalanan ay may kabayaran ngunit si Hesus ay namagitan upang tayo'y maligtas.

**PAGHAHANDA SA ARALIN:**

Itanong kung sino ang napalo na. Bakit? Ipaunawa na may nakalaang parusa sa kasalanan o maling ginawa.

**PANIMULA:**

Ihanda ang puting puso. Gupitin ang kasalanan at idikit sa itim na papel. Muli itong gupitin na nakalabas ang itim na bahagi. Tumawag ng batang magdidikit ng kasalanan sa puso. Ipaliwanag ang bawat kasalanan. Ipaliwanag na dahil sa kasalanan ay narurumihan ang puso at hindi ito nagiging mabuti sa paningin ng Diyos.

**ARALIN SA BIBLIA:**

*Roma 3:10-12,23; Roma 6:23*

(Ipakita ang ilustrasyon) Ipaliwanag ang kagandahan ng relasyon ng tao sa Diyos. Ngunit ng matutong magkasala ang tao, nahiwalay ang tao sa Diyos at nagkaroon ito ng kamatayan. (Ipaliwag ang ikalawang kamatayan. PISIKAL-ILILIBING at ESPIRITUWAL-PAGKAWALA NG RELASYON SA DIYOS) Roma 6:23> Dahil sa kasalanan, ang tao ay mapapahamak sa impyerno. Hindi na tayo makakalapit sa Diyos. Ngunit sa pag-ibig ng Amang Diyos sa tao, ibinigay Niya ang Kanyang Anak na si Hesus upang tayo'y maligtas (ikalawang bahagi ng Roma 6:23). Walang ibang makatutulong sa atin kundi si Hesus. (Huwag tukuyin ang tungkol sa diyos-diyosan, isentro ang pag-aaral kay Hesus). Magtanong pagkatapos.

(Isa-isang alisin ang mga kasalanan sa puso habang ipinapaliwanag ang huling bahagi g Roma 6:23). Muli tayong nalinis sa pagtanggap natin kay Hesus at makalalapit na muli tayo sa pamamagitan ng Panginoon Hesus.

**SAULUHING TALATA:** 1 Timoteo 2:5 "Iisa ang tagamapagitan sa Diyos at sa tao, si Hesus na naghandog ng Kanyang buhay upang tubusin ang lahat"

**IBA PANG GAWAIN:** Maaari nang mag-aral ng awiting gagamitin sa pagtatapos (graduation)

**PAGTATAPOS NA DALANGIN:** Muling tanungin ang mga bata kung sino ang gusting tumanggao kay Hesus bago tuluyang magtapos.

PAKSA: SINO SI HESUS?

## ARALIN #8: SI HESUS BILANG HUKOM

**SAULUHING TALATA:** Juan 3:16

**PAG-AARALANG TALATA:** Juan 5:27

**PAMBUKAS NA PANALANGIN:**

**LAYUNIN:** Upang ipaunawa sa mga bata na si Hesus ay Diyos na mapagmahal ngunit humahatol din.

**PAGHAHANDA SA ARALIN:**

(Ipakita ang larawan ng isang hukom) HUKOM- taong binibigyang kapamahalaan ng pamahalaan upang magkaroon ng karapatang magpasya kung ang tao ay nararapat na parusahan o pawalang sala.

Ito ay hindi madaling Gawain sapagkat alam ng hukom na kung magpasya siyang maparusahan ang tao, tiyak na makararanas ng paghihirap sa loob ng bilangguan. Ngunit kahit mahirap, kailangan niya itong gawin.

**PANIMULA:**

Jpakita ang mga larawan at ibahagi ang maikling kwento. Maaaring ipaliwanag pa ng mas malinaw upang higit na maunawaan ng bata.

**ARALIN SA BIBLIA:**

Tukad ng kabataan sa kwento, tayo man ay nagkasala rin. (Muling ipakita ang puso na ginamit noon nakaraang aralin). Ngunit dahil sap ag-ibig ng Diyos sa tao, namatay si Hesus sa ating mga kasalanan. Tulad na abugado sa kwento, tayo man pinagtanggol ng Paniginoong Hesus. Subalit, tulad ng kabataan, dumating ang panahon na dapat siya'y mahatulan. Sa ngayon, ang Diyos ang punong-puno ng pagkakataon sa tao upang makapagsisi at makalapit sa Kanya. Ngunit, darating ang panahon na Siya ay magiging hukom (Juan 5:27) at lahat ay haharap sa trono ng Diyos. Hahatulan tayo. Ang makasalanan ay parurusahan ngunit ang sumasampalatay sa Panginoong Hesus ay may buhay na walang hanggan. Kaya dapat habang bata pa at may panahon, maglingkod na tayo sa Panginoon.

**SAULUHING TALATA:** Juan 3:16 (balikan ang unang bahagi sa Aralin 5 at idugtong ang kasunod)"…. Upang ang sumasampalataya at hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan".

**IBA PANG GAWAIN:** Pag-aralan ang awiting gagamitin sa pagtatapos (Graduation)

**PAGTATAPOS NA DALANGIN:**